

Magandang hapon po, Mga Pamilya ng ASD.

Umaasa ako na sana'y datnan kayo nitong mid-month update na nasa mabuting kalagayan. Nagsisimula ako sa pamamagitan ng pasasalamat sa aming mga kawani ng ASD sa lahat ng antas para sa pagpapatuloy ng edukasyon para sa aming mga kabataan. Nakikita kong mahalaga ang edukasyon sa ating lipunan. Mahalaga ang paaralan para sa mga bata, at ang pakikipagtulungan ng pamilya/komunidad sa inyong mga paaralan ay mahalaga rin. Kailangan namin ang inyong suporta---magbasa kasama ng iyong mga anak, magtanong sa kanila, suriin ang kanilang araling-bahay, at palibutan sila ng pagmamahal hangga't maaari.

Karamihan sa mga kawani ng opisina ng administrasyon ng distrito ay nagsa-sub sa mga paaralan kung kinakailangan, kasama ako. Mula sa aking unang kaalaman, patuloy kong ibinabahagi na ang aming mga empleyado ay gumagawa ng mga kamangha-manghang mga bagay araw-araw. Ang isang tala na ipinadala sa akin ng isang guro ang pinakahalimbawa nito. Ito ay mula sa kanyang mag-aaral sa unang baitang na sumulat, "Mahal kong ina, tatay, at Hannah, sana ay malaman mo na mahal kita at sana ay ganoon din kayo. Hinihikayat ko kayo na gumawa ng mga mahihirap na bagay, at gumawa ng matalino at malikhaing mga bagay."

Ang mga guro at iba pang kawani ng paaralan ay gumagawa ng mga bagay na mahihirap, matalino, at malikhain ngayon upang panatilihin ang ating mga paaralan para sa mga mag-aaral. Ang dedikasyon na ibinigay ng mga empleyado ng ASD sa panahong ito ng mga kakulangan sa kawani at pangkalahatang COVID-stress sa ating komunidad ay katangi-tangi. Kapag mayroon kayong pagkakataon, pasalamatang ang pangkat ng paaralan ng inyong anak sa lahat ng kanilang ginagawa!

Palitan ang paksa at punta tayo sa aming plano sa pagpapagaan ng COVID-19, sa mga oras na ito, ang kinakailangan sa pagsusuot ng mask sa lahat ng mga gusali ng ASD ay magpapatuloy. Ang kabuuang bagong kaso sa bawat 100,000 katao sa nakalipas na pitong araw ay 2,210 noong Enero 12. Para sa konteksto, ang numerong ito ay malapit sa 100 noong una akong nagdisisyon noong nakaraang buwan para sa gabay sa pagsuot ng mask.

Gaya ng nabanggit sa aking nakaraang update, susundin ng ASD ang mga bagong alituntunin ng CDC at babawasan ang haba ng oras upang manatili sa bahay mula 10 araw hanggang limang araw para sa mga nagpositibo sa COVID-19. Nakatanggap ang mga paaralan ng mga tanong tungkol dito, kaya gusto kong linawin:

- Kung nagpositibo ang isang mag-aaral o empleyado, dapat silang manatili sa bahay ng limang araw pagkatapos ng kanilang unang sintomas o positibong test, alinman ang mas nauna.
- Pagkalipas ng limang araw, ang mag-aaral o empleyado ay maaari nang bumalik sa paaralan o trabaho kapag hindi na sila nilalagnat sa loob ng 24 na oras nang walang gamot na pampababa ng lagnat at hangga't bumubuti ang iba pang mga sintomas.

Mangyaring sumangguni sa dokumento ng ASD [At Home COVID-19 Health Screening for Parents and Guardians](#) para sa kumpletong gabay sa kung ano ang gagawin kung ang inyong anak ay may sakit o nakakaranas ng mga sintomas at mga alituntunin kung kailan pinahihintulutan ang mga mag-aaral na bumalik sa paaralan.

Dagdag pa rito, katulad ng paggalaw ng ating Estado mula sa pagsubaybay sa mga negatibong pagsusuri, ang mga shift ay gagawin sa mga administratibong gawain para sa mga nars sa paaralan. Nagpapalano ang ASD na magsama ng bagong detalye ng dashboard na magbibigay-

Update sa COVID ng Superintendente sa Mga Pamilya
Ika-13 ng Enero, 2022

daan sa mga magulang na makita ang mga kaso ng COVID-19 sa mga grade level bands sa ating mga paaralan, para mabawasan ang mga papel na abiso na pinadadala sa bahay. Ang bagong kasanayang ito ay magbibigay daan na maka-access na gamit ang inyong sariling oras at magbibigay daan sa aming mga nars na tumuon sa kalusugan ng mga mag-aaral at kawani sa paaralan.

Ang isa pang posibilidad sa mga susunod na araw ay ang pagbabalik sa pansamantalang pagsuspende sa mga ruta ng bus. Bilang paggalang sa mga pamilya, ang Departamento ng Transportasyon ay naghanda ng pangkat ng mga ruta ng transportasyon na maaaring lumipat sa isang tatlong linggong panahon ng pagsususpende sakaling magkaroon ng epekto sa transportasyon ang kakulangan sa kawani dahil sa COVID-19. Ito ay planong may posibilidad--mangyaring malaman na ang Administrasyon ay naghahangad na ipagpatuloy ang normal na serbisyo. Upang matingnan ang mga pangkat at upang masubaybayan ang mga update sa transportasyon ng COVID-19, mag-click [dito](#).

Inuulit ko, ang aking priyoridad ay panatilihin ng bukas at ligtas ang ating mga paaralan sa in-person na pag-aaral at hindi na bumalik sa virtual na pag-aaral. Habang ako ay isang tagapagtaguyod ng e-learning bilang isang pagpipilian, hindi nito natutugunan ang lahat ng pag-aaral at kagalingan ng mga mag-aaral. Mangyaring magsaya sa mahabang katapusan ng linggo habang ipinagdiriwang natin ang buhay ni Dr. Martin Luther King, Jr. Sa kanyang mga salita, habang kinakaharap natin ang isang mapaghamong trabaho, "Dapat nating tanggapin na may hangganan ang pagkabigo, ngunit huwag mawalan ng walang katapusang pag-asa."

Cheers,

Deena Bishop, Ed.D.
Superintendente